


Republic of the Philippines

**Department of Education**

Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

# 7

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Filipino

## Ikatatlong Markahan- Modyul 6:
## Panitikang Luzon: Wastong Gamit ng mga Panahong Anaporik at Kataporik



Pangalan: ______________________________________

Baitang/Seksyon:________________________________

Paaralan: ______________________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat :** Franklin B. Claros
**Editor:** Lindo O. Adasa, Jr.
Philip D. Caermare
Shayne Everette U. Eldian
**Tagasuri:** Ruben D. Escudero, Jr.
July G. Saguin
Maricel B. Jarapan
**Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan:**
**Tagalapat:** Peter Alavanza
**Tagapamahala:** Felix Romy A. Triambulo, CESO V
Oliver B. Talaoc, Ed. D.
Ella Grace M. Tagupa, Ed
Jephone S. Yorong, Ed
Lindo O. Adasa, Jr.



# Alamin

Pagkatapos mong isagawa ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Nagagamit ang wastong mga panandang anaporik at kataporik ng pangngalan.( F7WG-IIIh-i-16)



# Balikan

**Iskor:** ____ / 5

**Panuto:** Bilugan ang titik ng tamang sagot.

___1.) "Huwag malumbay....kami'y nasa bahay at nakahandang tunay, laan sa lahat ng bagay. " Anong elemento ito?

A. simula B. gitna C. wakas D. kasukdulan

___ 2. Anong bahagi ng dula ang pahayag? "Oo, walang pagsala, narinig ko ang salitaan nila at nabatid ko tuloy na sasabihin daw nila sa Heneral na tayo'y pagbabarilin na."

A. simula B. gitna C. wakas D. kasukdulan

___ 3. "Dati po'y tatlong kaban at maikatlo sa isang araw na tinutuluyan, ngayon po'y limang kaban, at makalima po sa isang araw." Anong bahagi ito ng dula?

A. simula B. gitna C. wakas D. kasukdulan

___ 4. May buhay-pusa si Kapitan Inggo! Saan naroroon ngayon? Anong elemento ng dula ang sinalungguhitan salita?

A. tagpuan B. tauhan C. tunggalian D. kasukdulan

___ 5. Anong uring dula ang binasa?

A. pangkalikasan B. kritikal C. sosyo-historikal D. mapanuri

| Aralin 6 | Panitikang Luzon: Wastong Gamit ng mga Panahong Anaporik at Kataporik |
|---|---|



## Tuklasin

**Iskor:** ____ / 5

PANUTO : Bilugan ang titik ng tamang sagot.

Konteksto:

Pumunta ako sa Maynila na kung saan ang Maynila ang kabisera ng Pilipinas. Nadatnan ko si Diego sa Quiapo Church. Pagkatapos magdasal ni Diego ay nakita na niya ako sa labas. Nilibot namin ang Luneta. Ang Luneta ay lugar na kung saan naganap ang pagkamartir ni Rizal. Nilibot naming ang Intramuros gamit ang kabayo. Pero ang kabayo ay napagod kaya pinainum muna ang kabayo. Higit sa lahat, nakita na namin ang Fort Santiago. Ang Fort Santiago ay isang makasaysayang pook sa Maynila.

1. Anong uring ng teksto ang iyong binasa?

A. sanaysay C. kwento

B. tula D. pabula

2. Saan naganap ang pangyayari na inilarawan sa akda?

A. Quiapo Church C. Maynila

B. Fort Santiago D. Luneta

3. Ang Luneta ay lugar na kung saan naganap ang pinakamartir ni Rizal.Ano ang puwedeng gamiting pamalit sa isang salungguhit?

A. siya C. kami

B. doon D.ikaw

4. Ano ang tawag sa pagkakaugnay ng pangalan at panghalip

A. anaphora C. pananda

B. katapora D. panghalip

**Sa araling ito, malalaman mo kung ano ang kahalagahan ng mga panandang anaporik at kataporik sa pangngalan**.



# Suriin

**Basahin at unawaing mabuti ang teksto**.

## Mga Panandang Anaporik at Kataporik

Ang **anaporik** ay mga reperensiya na kalimitan ay panghalip na tumutukoy sa mga nabanggit na sa unahan ng teksto o pangungusap.

Narito ang mga halimbawa ng anapora.

1. Karamihan sa mga tao ay ikinakabit ang kulturang Pranses sa **Paris**. <u>Ito</u> ang sentro ng moda, pagluluto, sining, at arkitektura.

2. Ang **France** ay una nang tinawag na Rhineland. Noong panahon Iron Age at Roman era, <u>ito</u> ay tinawag na Gaul.

Pansinin na sa unang halimbawa, ang pangngalang **Paris** sa unang Pangungusap ay hinalinhan ng panghalip na **ito** samantalang sa ikalawang pangungusap ang **France** ay pinalitan din ng panghalip na **ito**

Ang **kataporik** naman ay mga reperensiya na bumabanggit, tumutukoy sa mga bagay na nasa hulihan pa ng teksto o pangungusap.

Narito ang mga halimbawa ng katapora:

1. **Sila** ay sopistikado kung manumit. Mahilig din sila sa masasarap na pagkain at alak. Ang mga taga-France ay masayahin at mahilig dumalo sa mga kasayahan.

2. Labis ang **kaniyang** pagdurusa at paghihinagpis dahil sa may paniniwala siyang isinilang sa daigdig upang magtamasa nang lubos na kaligayahan sa buhay. Taglay ni Michelle ang alindog na hindi nababagay sa kasalukuyang kalagayan sa buhay.

Sa mga halimbawang binanggit ang panghalip na sila, ay ginamit bilang panuring sa pangangalang taga-France samantalang anng panghalip na siyang at siya sa ikalawang halimbawa ay ginamit namang panuring sa pangalang Michelle.



# Pagyamanin

**Iskor:** ______ / 5

**Panuto:** Suriin kung ang pahayag ay may panandang anaporik o kataporik. ( 1 puntos bawat bilang)

___________ 1. Ang Senior Citizens Act o RA 101645 ay mas pinabubuti pa. Ito ay malaking tulong lalo na sa matatandang mahihirap ang buhay.

____________ 2. Siya ay may malaking malasakit sa matatanda. Si Miriam Defensor Santiago ang nagsulong ng bagong batas sa senior citizen.

____________ 3. May mga ahensiyang handang mangalaga sa matatanda sa bansa. Sila ang gagawa ng ilang tungkuling hindi nagagampanan ng pamilya ng matatanda.

____________ 4. Tayo ay dapat na maging magandang halimbawa. Alagaan natin ang ating mga magulang hanggang sa kanilang pagtanda. Ang mga anak na tulad natin ang dapat magpasimula nito.

____________ 5. Ang matatanda ay maraming pangangailangan. Ibigay natin sa kanila ang mga pangangailangang ito.



# Mga Gawain

**Awtomatikong Benepisyo Ng Philhealth Sa Mga Senior Citizen**

Isinulat ni : JP C. Bitalac

( Pinagkukunan : www.gov.ph )

Nitong ika 5- ng Nobyembre 2014, pinirmahan ni Pangulong Benigno S. Aquino III ang Republic Act No. 10645, na nag-amyenda sa Republic Act No. 7432, upang magbigay ng higit na kalinga sa mga nakatatandang Pilipino. Magkakabisa ito sa 15 araw matapos mailahathala ang batas sa diyaryo o sa Official Gazette ( print ).

Ano ang Republic Act ( RA ) 10645 ?

Ang RA 10645 ay batas na ginagawang awtomatikong miyembro ng Philhealth ang lahat ng Pilipino pagtungtong nila ng edad na 60. Matatamasa ng lahat ng senior citizens ang lahat ng benepisyong pangkalusugan ng Philhealth.

Kailangan ba ng mga Senior Citizen na kumuha ng I.D. mula sa Phiilhealth ?

Hindi. Ayon mismo kay Sen. Ralph Recto, magpakita lang sila ng I. D. bilang patunay na silaý senior citizen at matatanggap na nila mula sa ospital ang karampatang benepisyong laan sa mga miyembro ng Philhealth.

Ngayon lang ba nagkabatas para sa segurong pangkalusugan ng mga Senior Citizen?

Hindi. Noon pang 1992, ipinasa na ang Republic Act 7432 o Senior Citizens Act . Inamyendahan ito at ipanasa ang Republic Act 9994 o Expanded Senior Citizenz of Act of 2010. Noong 2014, muli itong inamyendahan at higit na pinalawak ang saklaw ng naunang batas.

Ano ang pinagkaiba ng RA 9994 sa RA 10645?

Benepisyo ng Philhealth ay mga indigent o mahihirap na Pilipino. Sila ang mga Pilipinong walang sapat na kita upang magbigay ng kontribusyon at maging miyembro ng Philhealth. Inalis ito sa RA 10645 at ginawang awtomatiko ang benepisyo sa lahat ng senior citizen, indigent man o hindi.

Ayon kay Se, Recto, sa oras na hipan nila ang kandila sa kanilang ika-60 kaarawan, hanggang sa huli nilang hininga, miyembro silang lahat ng Philhealth.

Gaano pa karaming Senior Citizen ang hindi sako ng Philhealth ?

May 2.16 milyon pang senior citizen ang hindi nakaenrol sa Philhealth sa kasalukuyan.

Mayroong 3.94 milyong nakaenrol na, at may kabuoang 6.1 milyong senior citizen sa bansa.

Saan kukunin ng pamahalaan ang pondo para sa programang ito?

Philhealth, na kita mula sa RA 10351 o Sin Tax Reform Act of 2012.

Ilang mga Pilipino ang nakikinabang sa Philhealth sa kasalukuyan?

Noong Disyembre 201, mayroong 31.27 na nakarehistrong miyembro, at 45. 63 milyonng dependent. Ngayong 2014 punterya ng Philhealth na masakop ng segurong pangkalusugan ang higit 90% ng mga Pilipino.

# Gawain A

**Iskor:** ____ / 5

| |
|---|
| **Panuto : Sagutin ang bawat katanungan.** |

1. Tungkol saan ang akdang binasa?

| |
|---|
| Sagot: |

2. Ikaw, magagawa mo bang ipagkatiwala sa pamahalaan o gobyerno ang iyong mga magulang sa kanilang pagtanda? Pangatwiranan ang iyong sagot.

| |
|---|
| Sagot: |

# Gawain B

**Iskor:** ____ / 5

Panuto : Piliin ang wastong pangngalang akma sa bawat bilang upang matukoy ang wastong pangngalang bubuo sa diwa ng pangungusap.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Pangulo | pamahalaan | Uban | anak | RA 10645 |

1. Nilagdaan ni Benigno Aquino III ang RA 10645 o batas na ginagawang awtomatikong miyembro ng Philhealth ang lahat ng Pilipino pagtungtong nila ng edad na 60. Ang dating ______________________ ay may malaking malasakit sa matatanda.

2. Sa ___________________ay ginawang awtomatiko ang benepisyo sa lahat ng senior citizens, indigent man o hindi. Ito ay malaking tulong sa kanila.

3. Ang ____________________________ay handang mangalaga sa matatanda sa bansa.Ito ang paggawa ng tungkulin ng pamilyang hindi nila magagampanan.

4. Mapalad ang mga __________________________na nag-alaga ng kanilang mga magulang.

5. Ang kanilang _______________________________ ay nagpapakita ng talino. Ito ang ebidensya ng maraming taon ng karanasan sa buhay.

# Gawain C

**Iskor:** ________ . **5**

Panuto : Unawain at suriin ang pahayag na nasa ibaba. Gumawa ng pangungusap ng anaporik at kataporik na pamamaraan ng pagpapahayag.

Sa kanyang panunungkulan, pinatunayan ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte na kaya niyang pahintuin ang mga iligal na gawain upang umunlad ang ating bansa.

| Anaporik | Kataporik |
|---|---|
| ______________________________ | ______________________________ |
| ______________________________ | ______________________________ |
| ______________________________ | ______________________________ |



# Isaisip

Natutunan ko sa modyul na ito na ang __________ ay mga reperensiya na kalimitan ay ________ na tumutukoy sa mga nabanggit na sa ________ ng teksto o pangungusap.

Samantalang ang __________ naman ay mga reperensiya na bumabanggit tumutukoy sa mga bagay na nasa ____________ pa ng teksto o pangungusap.





# Tayahin

**Iskor:** ______ / 10

**I. Panuto:** Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang bago ang bilang. ( 1 puntos bawat bilang)

_____1. Karamihan sa mga tao ay ikinakabit ang kulturang Pranses sa paris. ______ ang sentro ng moda,pagluluto,sining, at arkitektura.

a. ito c. kami
b. sila d. dito

____2. ______ay sopistikado kung manamit. Mahilig din sila sa masasarap na pagkain at alak. Ang mga taga –Prance ay masayahin at mahilig dumalo sa mga kasayahan.

a. sila c. dito
b. kami d. ito

_____3. Ang France ay una nang tinawag na Rhineland. Noong panahon ng Iron Age at Roman era, _______ ay tinawag na Gaul.

a. ito c.sila
b.kami d. dito

_____4. Labis ang ___________pagdurusa at paghihinagpis dahil sa may paniniwala siyang isinilang siya sa daigdig upang magtamasa nang lubos na kaligayahan sa buhay. Taglay ni Jeremy ang alindog na hindi nababagay sa kasalukuyang kalagayan sa buhay.

a. kaniyang c. sila

b. lamang d. dito

_____5. Si Jose Rizal ay ang pambansang bayani ng mga Pilipino. ______ ay matapang sa pagpapahayag ng mga maling gawain sa kapwa niyang Pilipino.

a. Siya c.dito

b.kami d. ito

**II. Panuto:** Suriin kung anong uri ng pahayag ang bawat pangungusap na may nakasalungguhit na pananda kung ito ba ay Anaporik o Kataporik

________6.) Si Franklin ang may-ari ng malaking tindahan sa Dapitan. Siya ay mayaman sa utang.

________7.) Siya ay hindi karapat dapat na magtaglay ng aking apilyedo. Si Raul ay kahiya-hiya.

________8.) Siya ang namuno nang may katapatan sa sinumang serbisyo. Si Edward ay huwarang pinuno sa kanilang bayan.

________9.) Isa sa mga pangunahing pinagkakakitaan ng buwis ng bansa ay turismo. Ito ay nagbibigay ng napakalaking pera sa kaban ng bansa.

_______10.) Ang terorismo ay ang pangunahing dahilan ng pagbagsak ng turismo. Ito ay patuloy na sinusugpo.

# Karagdagang Gawain

**Iskor:** ____ / 5

**Panuto :** Basahing mabuti ang mga pahayag na nasa panandang kataporik at ilipat sa pahayag na nasa panandang anaporik.

1. Siya ay may malaking malasakit sa matatanda. Si Miriam Defensor Santiago ay nagsusulong ng bagong batas para sa mga senior citizen.

Anaporik: ____________________________________________

2. Tayo ay dapat na maging magandang halimbawa sa kanilang apo. Alagaan natin ang ating mga magulang hanggang sa kanilang pagtanda.

Anaporik: ____________________________________________

3. Sila ang gagawa ng tungkulin ng pamilyang hindi nila magagampanan. May mga ahensiya na handang mangalaga sa matatanda sa bansa.

Anaporik: ____________________________________________

# *Sanggunian:*


Panitikang Pandaigdig Filipino
Modyul para sa Mag-aaral 10

Panitikang Pandaigdig Filipino
Modyul para sa Mag-aaral 7

Awtomatikong Benepisyo Ng Philhealth Sa Mga Senior Citizen
Isinulat ni : JP C. Bitalac
( Pinagkukunan : www.gov.ph )

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons,
Boholanos, Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.

# Susi sa Pagwawasto

**Balikan**
1. B
2. C
3. B
4. A
5. C
6. gitna
7. simula
8. wakas
9. gitna
10. wakas

**Tuklasin**
1. Nagmamahalan at nagkakasundo
2. Tinulungan ang matanda sa pagbitbit at nagmamano sa matanda
3. Masayahin ang mga matatanda habang namamalengke at ang isa ay nakaupo

**Pagyamanin**
1. Anaporik
2. Kataporik
3. Anaporik
4. Kataporik
5. Anaporik

**Gawain A**
1. Opo, sapagkat itoý malaking tulong sa mga matatanda
2. Depende, kung walang pamilya ang mag-aalaga, e di, mas mabuti gobyerno ang mangangalaga. Kung may pamilya, mas maigi kasama niyo sa bahay.

**Gawain B**
1. Pangulo
2. RA 10645
3. Pamahalaan
4. Anak
5. Uban

**Isaisip**
1. Sa pakikipagtalastasan at upang hindi pabalik balik ang pagbanggit ng pangalan ng isang tao.
2. Anaporik at Kataporik
3.Ito'y mahalaga upang mapag-ugnay ang isang salita o pangungusap.

**Tayahin**
1. A
2. A
3. A
4. A
5. A
6. Kataporik
7. Anaporik
8. Anaporik
9. Anaporik
10. Kataporik

**Gawain C**

Anaporik

1. Pinatunayan ni Pangulong Duterte na kaya niyang pahintuin ang mga ilegal dahil sa hangarin niyang mapaunlad an gating bansa.

Kataporik

1. Sa panunungkulan ni Pangulong Duterte, kanyang sinisikap na sugpuin ang ilegal ngunit mas

**Karagdagang Gawain**

1. Si Miriam Defensor Santiago ay nagsusulong ng bagong batas para sa mga senior citizen.

2. Ang mga matatanda ay dapat nating alagaan hanggang sa kanilang pagtanda.

3. Ang mga matatanda ay may tungkulin na magagampanan at may mga ahensiyang mangangalaga hanggang sa kanilang pagtanda.